## Kuwento 11 : Apostol Pablo

**Talata sa Bibliya [Mga Gawa 9:15]**

**Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, "Pumunta ka roon, sapagkat siya'y pinili ko upang ipakilala ang aking pangalan sa mga Hentil, sa mga hari, at sa mga anak ng Israel.**

Si Saulo ay may mataas na pinag aralan ngunit hindi niya nababatid kung sino si Hesus.
Hindi lamang ito, siya ay galit sa mga naniniwala kay Hesus at inuusig ang mga ito at ipinapakulong.
Nagtungo siya sa mataas na saserdote at nagtanong, "Nagsusumamo ako ikaw ay sumulat ng mensahe na nagbibigay ng kakayahan na dakipin ang mga naniniwala kay Hesus at dalhin sila sa Jerusalem.
Umalis si Saulo papuntang Damascus para usigin at dakipin ang mga disipulo ni Hesus.
Ngunit nang si Saulo ay malapit na sa Damascus, may isang liwanag mula sa kalangitan ang nagpakita sa kaniya.
Hindi kinaya ni Saulo na buksan ang kaniyang mga mata dahil sa liwanag na ito.
Kahit na tinakpan niya ng kaniyang mga kamay ang kaniyang mga mata, wala siyang makita dahil sa liwanag.
At siya ay nakarinig ng tinig mula sa langit na nagsasabing, "Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?
Tinanong ni Saulo, "Sino ka, ang Panginoon?"
Sumagot si Hesus, "Ako si Hesus na iyong inuusig!"
Hindi naniniwala si Saulo na si Hesus ang hari ng mga Judio na ipinangako ng Panginoon, gayundin ang pagkapako at muling pagkabuhay ni Hesus. Siya ay lubos na namangha nang marinig niya ang tinig ni Hesus.
Nang buksan ni Saulo ang kaniyang mga mata ay wala siyang makita kaya naman inalalayan ng isang lalaki na kasama ni Saulo si Saulo papuntang Damascus.
Sa loob ng tatlong araw si Saulo ay bulag at hindi kumakain ni umiinom ng kahit ano.
Si Saulo ay nagsisi at nanalangin kay Hesus nang buong puso.
Sa oras na iyon, ang disipulo ni Hesus na si Ananias na naninirahan sa Damascus.
Tinawag siya ng Panginoon sa isang pangitain, "Ilagay mo ang iyong mga kamay kay Saulo upang maibalik ang kaniyang paningin dahil ang lalaking ito ay pinili upang maging instrumento na dalhin ang pangalan ng mga Hentil at Hari ng mga taga Israel.










Ayaw ni Ananias na pumunta dahil narinig niya ang mga ulat na inuusig ni Saulo  ang mga naniniwala kay Hesus.
Ngunit si Ananias ay nagpunta sa tahanan upang hanapin si Saulo at ilagay ang kaniyang kamay dito.
Nang matapos magdasal si Ananias, mayroong parang kaliskis na nalaglag sa mata ni Saulo  at nakakita na siyang muli.
Si Saulo  at nabautismuhan. Si Saulo ay isa nang disipulo ni Hesus.
Pagtapos na kumain ng mga pagkain, si Saulo ay muli nang lumakas at gumugol ng ilang mga araw kasama ang mga disipulo sa Damascus.
Kaagad siyang nangaral sa sinagoga na si Hesus ay anak ng Diyos.
Lumipas ang mga araw, ang mga Judio ay nagplano na patayin siya.
Araw man o gabi ay minamanmanan ng mga tao ang mga pinto ng mga siyudad upang patayin siya, ngunit nalaman ni Saulo ang kanilang plano.
Kaya't ang mga tagasunod ni Saulo  ay kinuha siya nang gabi at nilagay siya sa basket upang siya ay makatakas.
Ang Saulo  na ito ay ang sikat na ebanghelista, si Pablo.
Kahit pa si Pablo ay nagdanas ng hirap, siya ay patuloy na nananampalata sa Diyos at nagngangaral ng salita ng Panginoon sa maraming mga nasyon.
Siya din ang nagsulat ng 13 sa 27 na libro ng bagong tipan.



**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Sino ang inuusig ni Saulo?

---

b. Ano ang nangyari kay Saulo sa kanyang paglalakbay habang papalapit siya sa Damasco?

---

c. Sino ang kinausap ni Hesus sa pamamagitan ng panaginip?

---


d. Nang tanggapin ni Saulo si Hesus bilang kanyang tagapagligtas, ano ang bagong pangalan na kanyang natanggap?

---

- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya.Gawa 9:15)**

**Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, "Pumunta ka roon, sapagkat siya'y pinili ko upang ipakilala ang aking pangalan sa mga Hentil, sa mga hari, at sa mga anak ng Israel.**

**Gawain 2.** Mangyaring tulungan si Ananias na mahanap ang bulag na si Saulo.



www.kidsworship.kr

Ministerio de Publicación Cristiano

Pangalan :